PAMAMARAAN SA PAGSASAMPA NG REKLAMO NG SIBILYAN

PANIMULA

May legal na mandato ang Hepe ng Pulisya na tiyaking may umiiral na pamamaraan para sa pag-iimbestiga ng mga reklamong isinampa ng mga miyembro ng publiko laban sa tauhan ng Departamento ng Pulisya.

Maingat na pinipili ang mga empleyado ng Long Beach Police Department, dumaan sa pagsasanay at naglilingkod na may maipagmamalaking propesyonalismo. Gayunpaman, tulad nang sa kahit na anong malaking organisasyon, may mga nagaganap na taliwas sa tamang pagganap. Masusi at objective na iniimbistigahan ang mga alegasyon kaugnay ng maling pagganap laban sa tauhan ng Departamento, at isinasagawa ang mga nararapat na hakbang, na may mga layunin na panatilihin ang dangal ng Departamento at ang kumpiyansa ng publiko.

Matutupad lang ang tamang pagpapatupad ng batas kung mapapanatili ang isang talagang propesyonal na ahensya ng pulisya. Nagsagawa ang Long Beach Police Department ng matiyagang mga pagsisikap para matupad ang propesyonal na katayuang ito at kagustuhan naming magbigay ng mga pamamaraan kung paano ito mapapanatili.

MGA PAMAMARAAN

May Karapatan ang bawat taong magsampa ng reklamo sa kahit na sinong empleyado ng Departmento ng Pulisya. Puwedeng isagawa ang reklamo sa kahit na sinong supervisor o sa Professional Standards Division. Puwedeng magsampa ng reklamo mismo, sa pamamagitan ng telepono, koreo, email, o sa pamamagitan ng ibang tao bukod sa taong direktang kaugnay ng inisidente. Puwede ring magsampa ng mga reklamo nang walang pagkakakilanlan. Maglalabas ang Departamento sa mismong nagrereklamo ng kopya ng kanilang sariling nilagdaang pahayag kapag isinampa ang reklamo ng mismong tao. Ang iba pa ay idadaan sa koreo.

Sa oras na matanggap ang reklamo, magaganap ang mga sumusunod na hakbang:

1. Ipapasa ang reklamo sa Professional Standards Division kung saan mabibigyan ito ng file number at iaatas para sa imbestigasyon.
2. Papadalhan ang taong naghain ng reklamo ng isang liham na nagpapatunay na natanggap ng Departamento ang reklamo at nakasaad dito ang file number.
3. Kapag natapos na ang imbestigasyon, ipapasa ang kaso sa mga Deputy Chief at/o sa Hepe ng Pulisya para sa pinal na disposisyon ng kaso at naaangkop na hakbang.

Tandaan: ang karaniwang tagal ng pagproseso at pag-iimbestiga ng isang reklamo ay mula 6 hanggang 12 buwan. Gayunpaman, magkakaiba ang bawat kaso.

PAANO MAGSAMPA NG REKLAMO

Mahalaga ang sumusunod na impormasyon kapag nasasampa ng reklamo:

- Ang pangalan at katangian ng pulis, numero ng tsapa, at numero ng sasakyan, kung nakuha
- Mga pangalan, address, at numero ng telepono ng mga saksi
- Anumang ebidensyang sa tingin mo ay mahalaga tulad ng mga kopya ng citation, mga litrato, atbp.
- Kung nasaktan ka, mahalagang isampa mo ang reklamo mo sa lalong madaling panahon para makunan ng litrato at para mabilis na makakuha ng mga medical record.
- Piliin ang wikang pinakanaaangkop sa mga pangangailangan mo para makita ang mga pamamaraan sa pagsasampa ng reklamo